

Guidebook Para sa Pag-iwas sa Sakuna ng Lungsod ng Ube

**Suriin ang mga panganib ng lugar na ... Pumunta sa pahina 2
iyong tinitirhan!**

Kailan ako dapat lumikas? Pumunta sa pahina 3

**Sa panahon ng malakas Pumunta sa pahina 4
na ulan o bagyo**

Sa panahon ng lindol at tsunami Pumunta sa pahina 8

Maging handa tayo sa araw-araw! Pumunta sa pahina 10

Kumuha ng mga impormasyon! Pumunta sa pahina 11

Hindi natin alam kung kailan o saan magaganap ang mga sakuna. Una sa lahat, tandaan na “ikaw ang dapat magprotekta ng iyong sariling buhay” at paghandaan ang mga sakuna.

Multilingual Pointing Board

Ituro ang gusto mong sabihin at ipakita ito sa kausap.

① ^た食べられないものがあります ① I cannot eat certain food(s). ② 有不能吃的东西 ③ Có một số món tôi không thể ăn được. ④ Ada jenis makanan yang tidak dapat dimakan. ⑤ May mga pagkain akong hindi nakakain. 	② ^{なが あいだ も}長い間 ^{びょうき}持っている 病気が あります ① I have a chronic illness. ② 您患有慢性疾病吗 ③ Tôi có bệnh mãn tính. ④ Ada penyakit kronis. ⑤ May sakit akong matagal nang dinaramdam. 
③ ^{からだ ちょうし わる}体の 調子が 悪いです ① I am not well. ② 身体不适 ③ Tôi thấy trong người không khỏe. ④ Saya tidak enak badan. ⑤ Hindi maganda ang pakiramdam ko. 	④ ^{しょうがい}障害が あります ① I have a disability. ② 残障人士 ③ Tôi bị khuyết tật. ④ Saya penyandang cacat. ⑤ May kapansanan ako. 
⑤ ^{けいたいでんわ じゅうでん}携帯電話を 充電したいです ① I would like to charge my mobile phone. ② 想给 手机充电 ③ Tôi muốn sạc điện thoại di động. ④ Saya mau mencharge HP saya. ⑤ Gusto ko sanang i-charge ang aking mobile phone. 	⑥ ^{つか}Wi-Fi を 使いたいです ① I would like to use Wi-Fi. ② 想使用 Wi-Fi ③ Tôi muốn sử dụng mạng Wi-Fi. ④ Saya ingin memakai Wi-fi. ⑤ Gusto ko sanang gumamit ng Wi-Fi. 
⑦ ^{かぞく れんらく}家族に 連絡したいです ① I would like to contact my family. ② 想跟家里人联系 ③ Tôi muốn liên lạc với gia đình. ④ Saya mau menghubungi keluarga saya. ⑤ Gusto ko sanang kontakin ang aking pamilya. 	⑧ ^ほ○○○○が 欲しいです ① I want ○○○○. ② 需要○○○ ③ Tôi muốn/ cần○○○ ④ Saya mau dapat ○○○○ ⑤ Gusto ko ng ○○○○. 

Paano suriin at tingnan ang mga hazard map

Ang hazard map ay isang mapa na nagpapakita ng mga lugar kung saan inaasahang magaganap ang mga sakuna at evacuation site (lugar ng paglikas). Ito ay nilikha para sa **bawat uri ng sakuna**, tulad ng baha, pagguho ng lupa, at storm surge. Maaaring matingnan ang mga hazard map sa website ng lungsod. Maaari mo ring tingnan sa Disaster Prevention and Crisis Management Division ng Lungsod ng Ube.

Tignan ang hazard map at suriin ang mga panganib sa iyong tirahan, paaralan, o lugar ng trabaho.

Magpasya sa isang ligtas na ruta ng paglikas at patutunguhan.

Hazard Map ng Lungsod ng Ube

Suriin ang mga mapanganib na lugar

I-click Gamitin ito para sa higit pang mga detalye ►



Itinalagang emergency evacuation site ng Lungsod ng Ube

Suriin ang mga Itinalagang emergency evacuation site

I-click Gamitin ito para sa higit pang mga detalye ►



Tingnan natin ang hazard map sa pagbaha ng Ilog Koto bilang isang halimbawa!


1 Suriin kung ang iyong tirahan o lugar ng trabaho at pamumuhay ay **“may kulay”**.

2 Suriin ang inaasahang kalagayan ng pinsala sa pamamagitan ng pagtukoy sa alamat o legend sa mapa.

Suriin ang mga panganib sa iyong tirahan atbp.

Alamat/Legend (paraan ng pagbasa ng mapa)	
simbolo	pangalan
	Itinalagang emergency evacuation site
	kagawaran ng bumbero
	pulis
	obserbatoryo ng antas ng tubig
	obserbatoryo ng dami ng ulan
	istasyon ng babala sa dam/dam warning station
	istasyon ng bomba ng pagasang tubig/drainage pumping station
	underpass
	riles ng tren
	highway
	pangunahing daan
	hangganan/boundary ng lungsod
	ibabaw ng tubig

Mapa ng lugar na inaasala ang pagbaha	Aksyon sa paglikas
Lalim at kalagayan ng pagbaha 10m~ 5.0m~10m Binaha ang ikalawang palapag 3.0~5.0m Ibaba ng ikalawang palapag ~ kisame 0.5~3.0m Ibaba ng unang palapag ~ Ibaba ng ikalawang palapag ~0.5m hangganan sa ibaba ng unang palapag	Ito ay isang lugar na nangangailangan ng maagang paglikas. ● Lumikas sa lugar na hindi babahan ● Kung nagsimula na ang pagbaha, pumunta sa malapit na ligtas na lugar. ● Bilang pangkahalatang tuntunan, lumikas sa isang lugar na hindi babaha. ● Kung mapanganib ang iyong kapaligiran, maghintay sa isang ligtas na lugar sa loob ng baha.
Lugar kung saan inaasahan ang pagbaha at magdulot ng pagguho ng bahay, atbp. Ito ay isang lugar kung saan may panganib ng malakas na agos ng baha at pagguho ng tabing-ilog na maaaring magdulot ng pagguho o pagkaonod ng mga bahay sa panahon ng baha. Ito ay isang lugar na nangangailangan ng maagang paglikas.	Lugar na may babala sa pagguho ng lupa/ espesyal na lugar na may babala (special warning area) pagbagsak ng matarik na dalundund o slope (pagguho ng bangin) espesyal na lugar na may babala (special warning area) (red zone) lugar na may babala (yellow zone) pagdaloy ng putik espesyal na lugar na may babala (special warning area) (red zone) lugar na may babala (yellow zone) landslide



Kailan ako dapat lumikas?

Ang oras ng paglikas ay nag-iiba depende sa uri ng sakuna.



Lindol

Maagang Babala ng Lindol
(Email ng balitang pang-emergency)



Maghintay sa isang ligtas na lugar
hanggang sa tumigil ang pagyanig



**Kapag tumigil na ang pagyanig,
manatiling kalmado at lumikas**



Tsunami

Pagganap ng lindol



**Kung malapit ka sa dagat o ilog,
agad na lumikas sa mas mataas na
lugar kahit walang babala ng tsunami**



Baha




Pagguho ng lupa



Storm surge

**Kapag inilabas ang impormasyon
sa paglikas, siguraduhing lumikas
mula sa mga mapanganib na lugar!**

Kapag inaasahang papalapit ang malakas na ulan o bagyo,
mangyaring suriin ang impormasyon ng panahon sa TV o
internet.



**Suriin ang impormasyon
ng panahon!**

Antas ng alerta/alert level

Impormasyon ng paglikas

Aksyon na dapat gawin

5

Pagganap o
paparating na
sakuna

**Emerhensiyang Pagtiyak sa
Kaligtasan / Emergency Safety
Measures** (inilalabas ng lungsod)

**Gumawa ng pinakamahusay na
aksyon upang maprotekta ang buhay**

Kung hindi ka pa lumikas, pumunta sa isang ligtas
na lugar sa iyong tahanan (tulad ng ikalawang palapag)

Tiyaking lumikas mula sa mga mapanganib na lugar bago umabot ng alert level 4

4

May mataas na
panganib ng
sakuna

**Utos ng
paglikas**
(inilabas ng lungsod)

Lumikas
kaagad sa isang ligtas na lugar

3

May panganib
ng sakuna

**Paglikas ng
Matatanda, atbp**
(inilabas ng lungsod)

Umpisang paglikas ng mga taong nangangailangan
ng mas mahabang oras upang lumikas

tulad ng mga matatanda

at ang kanilang mga tagasuporta



Baha

Ang baha ay nangyayari kapag ang antas ng tubig ng isang ilog ay tumataas nang hindi normal dahil sa malakas na pag-ulan, na nagiging sanhi ng pag-apaw ng tubig ilog o pagkaguho ng levee/tabing ilog.



Suriin kung ang lugar ng tirahan ay babahain dahil sa pag-apaw ng ilog




Kung nagsimulang umulan, bigyang pansin ang impormasyon ng panahon at impormasyon sa paglikas, maging handa sa paglikas sa anumang oras




Kung ikaw ay nasa isang **lugar kung saan inaasahan ang pagbaha at magdulot ng pagguho ng bahay, atbp***, lumayo sa lugar na ito


*Lugar kung saan may panganib na gumuho o maanod ang mga bahay sa panahon ng baha



Huwag dumaan sa underground passage o underpass



Lumayo sa mga ilog at kanal




Ang paglikas sa gabi o kung nagsimula na ang pagbaha ay mapanganib. Sa ganoong pagkakataon, umakyat sa itaas na palapag ng gusali



Sakuna sa pagguho ng lupa

Ang pagguho ng lupa ay isang sakuna na nangyayari kapag ang isang dalusdos ng bundok o bangin ay gumuho dahil sa malakas na ulan o lindol, o kapag ang lupa mula sa bundok o ilog ay humahalo sa tubig-ulan at dumaloy na maaaring dumurog sa mga bahay at gusali.



Suriin kung ang lugar na iyong tinitirhan ay isang **lugar na may babala sa pagguho ng lupa***

*Lugar kung saan may panganib ng pagguho ng lupa



Kung nagsimulang umulan, bigyang pansin ang impormasyon ng panahon at impormasyon sa paglikas, at maging handa sa paglikas sa anumang oras



Ang mga tao nakatira sa paligid ng mga **lugar na may babala sa pagguho ng lupa** ay dapat lumikas sa isang ligtas na lugar sa lalong madaling panahon



Kung nakatanggap ng impormasyon sa paglikas habang nasa o malapit sa **lugar na may babala sa pagguho ng lupa**, lumikas kaagad



Kung mapanganib na lumabas ng bahay, lumikas sa mas mataas na silid at hangga't maaari ay palayo sa bundok (slope)



kaunting kaalaman

Palatandaan bago maganap ang pagguho ng lupa

landslide

- ang tubig ng balon ay nagiging maulap
- lumilitaw ang mga bitak at pagkakaiba sa taas ng lupa

pagdaloy ng putik

- ang tubig ng ilog ay nagiging maulap at may mga umaagos na natumbang puno
- kahit na patuloy ang pag-ulan, bumababa ang antas ng tubig sa ilog.

pagguho ng bangin

- biglang bumubuhos ang tubig mula sa bangin
- bumabagsak ang mga bato mula sa bangin



Storm surge

Ang storm surge ay isang pangyayari kung saan may hindi pangkaraniwang pagtaas ng lebel ng dagat dahil sa bagyo o iba pang dahilan.

Ang pinakamalaking likas na sakuna sa kasaysayan ng lungsod ay storm surge!!

Ang Lungsod ng Ube ay dumanas ng matinding pinsala mula sa mga storm surge na dulot ng mga bagyo tulad ng Bagyo ng Suo-nada noong 1942 at Bagyo Bilang 18 noong 1999.

Paano nangyayari ang mga storm surge

Epekto ng ihip ng hangin

Ang mga alon ay nalilikha habang ang malalakas na hangin ay humahampas sa ibabaw ng karagatan. Itinataas nito ang antas ng tubig at sumasalakay sa lupa.


Epekto ng paghigop o suction

Dahil ang gitnang presyon ng bagyo ay mas mababa kaysa sa nakapaligid na lugar, ang hangin sa nakapaligid na lugar ay tinutulak padiin ang ibabaw ng dagat, at ang hangin na malapit sa gitna ay hinihigop pataas ang ibabaw ng dagat. Dahil dito, tumataas ang lebel ng dagat malapit sa gitna ng bagyo.

Malakas na hangin na may kaugnayan sa bagyo

pagtaas ng lebel ng dagat

normal na antas ng tubig sa dagat



pagbaba ng presyon ng atmospera/air pressure




humihina ang pagtulak padiin

humihina ang pagtulak padiin



normal na antas ng tubig sa dagat

pagtaas ng lebel ng dagat





Mga lugar na madaling mapinsala ng storm surge

sa paligid ng bibig ng ilog



mababang lugar





Suriin kung ang lugar na
iyong tinitirhan ay
babahain ng storm surge



Kapag bumagyo,
siguraduhing makakuha ng
pinakabagong
impormasyon ng panahon




Huwag lumabas kapag
may papalapit na bagyo




Bago lumakas ang hangin
at ulan, ipasok sa bahay
ang mga nakapaso na
halaman, sampayan, at iba
pang bagay na maaaring
ilipad ng hangin




Lumikas bago lumakas
ang hangin at ulan



Lumayo sa dagat at ilog



Kung hindi na makalikas
sa tamang oras, umakyat
sa itaas na palapag ng
gusali



Maging handa sa
pagkawala ng kuryente


Maging handa!

- ☐ flashlight
- ☐ baterya
- ☐ mobile battery
- ☐ iba pang mga bagay na kailangan ng pamilya



Lindol

Ang mga lindol ay biglang nangyayari. Kung nakatanggap ka ng maagang babala ng lindol o nakakaramdam ka ng malakas na pagyanig, protektahan ang iyong ulo mula sa mga nahuhulog na bagay. Kapag humupa na ang pagyanig, suriin ang kaligtasan ng paligid at siguruhin ang ligtas na paglabas.



Palaging ayusin ang mga kasangkapan at mga gamit sa bahay upang hindi sila gumalaw. Mag-kabit ng mga kagamitan sa pag-iwas sa pagkahulog, pag-iwas sa pagkatumba, atbp.




Kung makaramdam ng lindol, manatiling nakababa ang postura, protektahan ang ulo, at huwag gumalaw hanggang sa humupa ang pagyanig.



Buksan ang pinto at siguruhin ang isang ruta ng paglikas.



Kung sumiklab ang apoy, patayin ito ng pang-unang lunas sa sunog/first-air fire fighting.



Bago lumikas sa bahay, patayin ang apoy, isara ang gas valve, at patayin ang electrical circuit breaker.




Siguraduhing magsuot ng sapatos kapag lumilikas (huwag gumamit ng sandals, atbp.)



Tsunami


Kapag naganap ang lindol, ang tubig-dagat ay gumagalaw at maaaring magdulot ng tsunami. Kung may tsunami, agad na lumikas sa mas mataas na lugar o sa isang itinalagang emergency evacuation site, kahit na maliit ang pagyanig ng lindol.



Kalmadong patayin ang apoy at isara ang gas valve




Kung may inilabas na tsunami advisory/warning, agad na lumikas sa mas mataas na lugar



Lumikas sa pamamagitan ng **paglakad** patungo sa isang lugar na hangga't maaari ay mas mataas, na hindi malayo



Bilang pangkalahatang tuntunin, ang pagpunta sa ibang lugar ay ginagawa sa pamamagitan ng **paglakad**



Huwag kailanman lumapit sa dagat o ilog



Huwag bumalik ng bahay hangga't hindi naalis ang tsunami advisory/warning

Mga kagamitang pang-emergency



Ang mga kagamitang pang-emergency ay ang pinakakakaunting bagay na kailangang dalhin kapag lumilikas. Mahalagang isipin ng bawat tao kung ano ang kanilang kailangan at ihanda ang mga ito. Kung ilalagay ang mga ito sa isang backpack atbp., ilagay ito malapit sa pasukan o sa iyong silid-tulugan upang mailabas ang mga ito nang mabilis.

MEMO
(Isulat ang sa tingin mo ay kailangan)



Mga bagay na mayroon ka sa bahay

Ang bawat pamilya ay may iba't ibang kapaligiran, kaya isipin ang mga karagdagang bagay na kakailanganin na pang-emergency.

MEMO
(Isulat ang sa tingin mo ay kailangan)



Ang mga mahahalagang bagay

tulad ng mga certificate o papel na certificate, seal or inkan, mahahalagang larawan, atbp. ay maaaring ilagay plastic case na may zipper upang hindi ito mabasa.



Ang mga taong hindi maaaring lumikas nang mag-isa ay dapat sumangguni sa sistema ng suporta sa paglikas sa panahon ng sakuna

Para sa mga nangangailangan ng suporta dahil sa ilang kadahilanan sa oras/panahon ng sakuna, tulad ng mga matatanda o mga taong may kapansanan, mayroong "Ube City Disaster Evacuation Support System" Para sa mga Katanungan/Community Welfare Division (TEL: 0836-34-8325 FAX: 0836-22-6026)



Inilabas ng Lungsod ng Ube



Website ng Lungsod ng Ube

宇部市

検索



Ube City Disaster Prevention Mail (Ube Mail Service)

Maaari kang makatanggap ng email ng impormasyon sa pag-iwas sa sakuna gaya ng mga utos ng paglikas at mga babala na ibinigay ng Ube City.



Paraan ng pagrerehistro

Magpadala ng email sa registration/change address at sundin ang registration email na ibinalik upang magparehistro.
Mail address para sa registration/change address: ube@xpressmail.jp



Email ng balitang pang-emergency (email sa lugar)

Maaari kang makatanggap ng mga utos ng paglikas, maagang babala ng lindol, impormasyon ng ballistic missile, atbp. sa iyong mobile phone o smartphone sa pamamagitan ng iyong mobile operator. (Walang kailangang paunang pagpaparehistro)



Opisyal na LINE account ng Lungsod ng Ube

Maaari kang makatanggap ng impormasyon sa pag-iwas sa sakuna gaya ng mga utos ng paglikas mula sa LINE.



Facebook

Pangalan ng account: "Ube City Disaster Prevention and Crisis Management Division"



"Ube City" (nakasulat sa simpleng wikang Hapon)



X (dating Twitter)

Pangalan ng account: "@ube_bousai"
(Ube City Disaster Prevention and Crisis Management Division)



Instagram

Pangalan ng account: "@international.ube"



Outdoor speaker sa pag-iwas sa sakuna (sa wikang Hapon)

Mula sa news media, internet, atbp.

NHK World JAPAN "Multilingual Portal : Japan LIFE & BOSAI"



Japan Tourism Agency's Disaster information app para sa mga turistang banyaga, "Safety tips"

iPhone



Android



Internet disaster message board (Web171)



Ito ay isang message board na gumagamit ng Internet upang kumpirmahin ang kaligtasan ng mga tao sa mga lugar ng sakuna. Sinusuportahan ang wikang Hapon, Ingles, Intsik at Koreano.

Immigration Services Agency "Daily Life Support Portal for Foreign Nationals"



Website ng Japan Meteorological Agency na mababasa sa iba't-ibang wika



Telebisyon

Maaaring makita ang impormasyon ng sakuna sa pamamagitan ng pagpindot sa "d" button ng remote control.



Ube City General Consultation Service for Foreigners

Maaring kumunsulta sa 20 wika, kabilang ang simpleng wikang Hapon.

0836-34-8136 (Weekdays 8:30-17:15)

Kung nahihirapan kang makipag-usap...

Ang multilingual na voice translation app na "Voice Tra®"

iPhone



Android



Ito ay isang app na nakikinig, nagsasalin, at bumibigkas ng mga boses, at sumusuporta sa 31 wika gaya ng Ingles, Intsik at Vietnamese (kabilang ang ilang mga diyalekto).

Memo sa pag-iwas sa sakuna

Hindi laging nangyayari ang mga sakuna kapag magkakasama ang mga pamilya. Kapag nasulatan ito, gumawa ng kopya o kumuha ng litrato nito gamit ang iyong mobile phone at i-save.

Ang distrito kung saan ako nakatira ay _____ distrito.

Ang numero ng telepono ng Fureai Center ng _____ :

Evacuation site/Lugar ng pagtitipon

Uri ng sakuna	Evacuation site (unang kandidato)	Evacuation site (pangalawang kandidato)	Lugar ng pagtitipon/paraan ng komunikasyon (kapag hindi makapagkita-kita sa evacuation site)
baha			
sakuna sa pagguho ng lupa			
storm surge			
lindol			
tsunami			

detalye sa pagkontak ng pamilya, kamag-anak at kakilala na maaaring sumuporta sa iyo

pangalan	blood type	numero ng telepono	email address	memo

Kahit na mahirap kumonekta sa pamamagitan ng telepono sa loob ng lugar na sinalanta ng sakuna, maaaring medyo madaling makipag-ugnayan sa mga tao sa labas ng lugar na sinalanta ng sakuna. Epektibo rin na magpasya ng detalye sa pagkontak nang maaga sa mga kamag-anak at kakilala na nakatira sa malayo, at ipahatid sa kanila ang impormasyon kung sakaling magkaroon ng emergency.

**sunog/
emergency**

1 1 9

pulis

1 1 0



<Nag-publish> Ube City Tourism Exchange Division

<Supervision> Ube City Disaster Prevention and Crisis Management Division

1-7-1 Tokiwacho, Ube City, Yamaguchi Prefecture 755-8601

TEL: 0836-34-8136 FAX: 0836-22-6083 Email: kokusai@city.ube.yamaguchi.jp

<Nilikha sa Wikang> Simpleng wikang Hapon, Ingles, Intsik, Vietnamese, Tagalog, Indonesian

*Ang guidebook na ito ay ginawa gamit ang grant mula sa Local Government Association for International Relations.

